**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 5, 163-178




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Basa-Hasa: Kompilasyon ng mga babasahin sa paghasa ng antas ng kasanayan sa pagbasa

Rapi, Hezel ✉
*Deped- Bulan National High School, Philippines (hezel.rapi@deped.gov.ph)*
Oyon-Oyon, Joshua
*Sorsogon State University, Philippines (oyonoyonjoshua@gmail.com)*

**Received**: 10 May 2024 **Revised**: 23 May 2024 **Accepted**: 5 June 2024
**Available Online**: 5 June 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24033

***Abstract***

This study ensured the validity and effectiveness of the developed intervention tools for reading among students from Sections 11, 12, 13, and 14 in Grade 7 Filipino at the National High School of Bulan, Bulan, Sorsogon, during the academic year 2023-2024. A descriptive-developmental was employed as the research design. Purposive sampling was utilized in selecting the participants of the study. The number of participants was based on the results of the preliminary assessment, categorizing them into Establishing, Emerging, Coping, and Deficit levels. The researcher used pre and post-tests in data collection using the Rapid Literacy Assessment standard. A checklist was also used for evaluating the printed materials from the Learning Resource Management Development System. The gathered data were analyzed and interpreted using frequency, mean, and t-test. The developed intervention tools for reading skills consist of modules, QR codes, and exercises. The developed intervention tools are highly acceptable based on content, format, presentation and organization, accuracy, and current information. The developed intervention proves to be effective in improving reading skills as the students' performance level in tests is high. It is recommended that the developed intervention tools continue to be used to enhance students' reading skills and can be utilized by teachers as interventions across different categories for reading learning. The continued use of the developed tools by students is encouraged to further aid in improving reading skills.

***Keywords:*** intervention tools, validity, effectiveness, reading materials, reading skills

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Basa-Hasa: Kompilasyon ng mga babasahin sa paghasa ng antas ng kasanayan sa pagbasa

## 1. Abstrak

Tiniyak sa pag-aaral na ito ang balido at epektibo ang nabuong interbensyong kagamitan para sa pagbasa ng mga mag-aaral mula sa Seksyon 11,12,13, at 14 sa Baitang 7 sa Filipino ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Bulan, Bulan, Sorsogon, taong panuruan 2023-2024. Deskriptibong-debelopmental ang ginamit na desinyo ng pag-aaral. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral. Ang bilang ng kalahok ay nakabatay sa resulta ng paunang pagsusulit ang mga ito ay ikakategorya batay sa Establishing, Emerging, Coping, at Deficit. Gumamit ng pauna at panapos na pagsusulit ang mananaliksik sa paglikom ng datos gamit ang pamantayan Rapid Literacy Assessment. Ginamit din ang tseklist para sa ebalwasyon ng mga printed na kagamitan mula sa Learning Resource Management Development System. Ang mga datos na nalikom ay sinuri at binigyang interpretasyon gamit ang frequency, mean at t-test. Ang mga nabuong interbesyong kagamitan sa kasanayan sa pagbasa ay binubuo ng pabalat, qr, at aralin. Ang nabuong kagamitang interbensyon ay lubos na katanggap-tanggap batay sa nilalaman, pormat, peresentasyon at organisasyon, at kawastuhan at kasalukuyang Impormasyon. Epektibo ang nabuong nabuong interbensyong sa kasanayan sa pagbasa sapagkat mataas ang performans lebel ng mga mag-aaral sa pagsusulit Inirerekomenda na ang nabuong kagamitan interbensyon ay maaaring patuloy gamitin sa pagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral at maaaring gamitin ng mga guro bilang interbensyon sa iba't ibang kategorya upang matuto sa pagbasa. Patuloy na ipagamit sa mga mag-aaral ang nabuong kagamitan upang higit pa itong makatulong sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa.

***Susing-salita:*** basa-hasa, babasahin, deficit, establishing, copinging, emerging, pagbasa

## 2. Introduksyon

Ang pagbabasa ay isang makapangyarihang kasanayan na may malalim na impluwensya sa pag-unlad ng isang indibidwal. Ito ay nagpapakita ng kaalaman, nagpapalawak ng pag-unawa, at pagbubukas ng mga pintuan ng opurtunidad para sa personal na kolektibong pag-unlad. Ang kalidad ng buhay ng isang tao ay maaaring mapabuti sa pamamagitan ng antas ng kaniyang kaalaman sa pagbasa, sapagkat ito ay may tuwirang kaugnayan sa kanyang inaharap na hanapbuhay (Organization for Economic Cooperation and Development (OECD], 2008). Subalit makikita na sa resulta ng 2018 Program for International Student Assessment (PISA) ay isang nagpapatunay na katotohanan nang ang Pilipinas ay nakakuha ng pinakamababa sa 79 na kalahok na bansa (Avvisati et al., 2019). Karagdagan pa ni Domingo (2023) ng Philippine Daily Inquirer, ang Pilipinas ay nananatiling kabilang sa pinakamahihirap sa pag-aaral sa Silangang Asya at Pasipiko, kung saan siyam sa bawat 10 Pilipino ay hindi nakakabasa at nakakaunawa ng payak, naaangkop sa edad na babasahin sa edad na 10, ayon sa ulat ng World Bank (WB) sa kalidad ng edukasyon sa rehiyon.

Ayon kay Bender (2012) ang mga mag-aaral ay itinuturing na matalino tulad ng kanilang mga mag-aaral subalit may mahinang kakayahan sa pagbasa ay hindi magkakaroon ng malalim na pagpapabuti sa kanilang kakayahan sa pagbasa kumpara sa iba. Sa talaan, lahat ng mga mag-aaral ay pumapasa sa antas sa elementarya. Dahil dito, kahit ang mga may mahinang kakayahan sa pagbasa ay pumapasa sa kanilang mga klase. Hindi nila magagampanan ang pagbasa sa antas na inaasahan sa kanilang baitang, na nagdudulot ng pag-aalala at depresyon sa buong kanilang panahon sa paaralan. Karaniwang itinuturing sila bilang hindi matagumpay sa kanilang formal na edukasyon, na nagdudulot ng mga problema sa kanilang pag-akma sa kanilang pag-aaral. Humigit-kumulang 40,000 elementarya sa Rehiyon Bikol ang nahihirapang magbasa. Gaya ng sinabi ng Kagawaran ng Edukasyon (DepED) Rehiyon V, sa mga pagtataya na pinangangasiwaan ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) ay isiniwalat na ang mga mag-aaral na ito ay itinuturing na "struggling readers" pagkatapos kumuha ng mga pagsusulit sa Ingles at Filipino. Alinsunod dito, 18, 143 sa mga iyon ay nasa Grade level 3 hanggang 6(Jaucian,'

2020).

Dahil sa ganitong sitwasyon, inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs Initiatives). Ito ay naglalayon na palakasin ang pangangampanya para sa pagbasa at sa pagtitiyak na gawing mambabasa sa tamang baitang ang bawat mag-aaral (DM. No. 173, 2019). Alinsunod rin dito ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 5 ay tumugon sa "3Bs", o ang "Hamon: Bawat Bata Bumabasa" na hamon ng ahensya. Isinusulong ngayon ng DepEd-Bicol ang sarili nitong programa sa pagbabasa na tinaguriang "5Bs" o ang "Bawat Batang Bicolano Bihasang Bumasa", na naglalayong paunlarin ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa rehiyon, upang magtatag ng isang reading intervention project (Barcia, 2022). Maliban pa rito na may pagbaba pa nga sa kasanayan sa wikang Filipino batay sa mga resulta ng National Achievement Test mula 61.26% noong 2001 na bumaba sa 42.48% noong 2005. Ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na Filipino ay nahaharap sa kahirapan sa pag-unawa sa mga akademikong teksto kahit na ang mga ito ay nakasulat sa Filipino (Detamble, 2005). Ayon kay Augusto (2022) ang mga mag-aaral ay may mababang pagganap sa asignaturang Filipino dahil sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa sa midyum (wika sa Filipino) na ginamit sa nasabing asignatura.

Sa pagkatapos ng 2 taon ng pandemya ng COVID-19, ito ay sinamahan ng malawakang paghihigpit sa mga pangunahing karapatan kabilang ang kalayaan sa paggalaw, kalayaan sa pagpupulong, at kalayaan sa pananakop. Naapektuhan din nito ang karapatan sa edukasyon. Natuklasan ng UNICEF na sa 122 na mga bansa, ang mga paaralan ay isinara sa personal na pagtuturo sa pinakamahabang yugto ng panahon. Bilang resulta, wala pang 15% ng mga mag-aaral, o humigit-kumulang tatlo sa bawat 20, ang nakakabasa ng mga simpleng teksto (De Vera, 2022). Sa epekto ng pandemya ay pinaiigting ng DepEd Rehiyon V ay sinisikap nito na tugunan ang kawalan ng pagkatuto sa mga mag-aaral ng Bicolano kahit na bumalik sa harapang pagtuturo pagkatapos ng pandemya ng COVID-19. Ang Rapid Literacy Assessment (RLA) na mga tool na binuo para sa pangangasiwa sa Grade 4-12 learners simula ngayong school year 2023-2024 (RM 363,s 2023). Ang lahat ng mga paaralan ay magsasagawa na pagtataya sa pamamagitan ng RLA Tools sa Filipino. Ang mga paaralan ay nagsagawa ng pagtataya sa pamamagitan ng RLA tools upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Napansin ng mananaliksik na may kahirapan ang mga mag-aaral sa pagbabasa lalo na sa sariling wikang Filipino.

Sa resulta ng Reading Literacy Assessment ng Pambansang Mataas na Paaaralan ng Bulan ay nakitaan na may iilang mga mag-aaral ang mayroong kahinaan sa pagbasa sa Baitang 7. Ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nauri ayon sa kategoryang deficit, coping, emerging, at established. Mayroong bilang na siyam na lalaki (9) at apat (4) na babae na napabilang sa kategoryang deficit, sa kategoryang Coping ay may bilang na siyam (9) na lalaki at dalawang (2) babae, Mayroong bilang na 28 ang lalaki at siyam(9) na babae ang napabilang sa Emerging, habang sa katergoryang Established ang mag-aaral na mayroong bilang 294 na lalaki at 311 ang babae. Ang Baitang 7 ay may kabuoang bilang na 668 na mag-aaral. Ang mga nabanggit ay nag-udyok sa mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral at bumuo interbensyong kagamitang sa kasanayang pagbasa sa Filipino sa Baitang 7. Ito ay upang mabibigyan pansin ang pagpapaunlad ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ito rin ay tutugon sa layunin ng Kagawaran ng Edukasyon lalo na sa larangan ng pagbasa.

### *2.1 Layunin*

Tiniyak sa pag-aaral na ito na makabuo ng interbensyong kagamitan para sa pagbasa ng mga Baitang 7 sa Filipino ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Bulan, Bulan, Sorsogon, taong panuruan 2023-2024. Tinukoy ang: 1) nabuong interbesyong kagamitan sa kasanayan sa pagbasa batay sa establishing, emerging, coping at deficit 2) gaano kabalido ang pagtanggap ng nabuong interbensyong kagamitan sa kasanayan sa pagbasa ng mga eksperto 3) gaano kaepektibo ang nabuong interbensyong sa kasanayan sa pagbasa.

## 3. Metodolohiya

Deskriptib-debelopmental ang ginamit na desinyo ng pag-aaral. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng

mga mag-aaral mula seksyon 11, 12, 13, at 14 sa Baitang 7. Ang bilang ng kalahok ay nakabatay sa resulta ng paunang pagsusulit ang mga ito ay ikakategorya batay sa Establishing, Emerging, Coping, at Deficit. Gumamit ng pauna at panapos na pagsusulit ang mananaliksik sa paglikom ng datos at tseklist para sa ebalwasyon ng mga printed na kagamitan mula sa LRMDS. Ang mga datos na nalikom ay sinuri at binigyang interpretasyon gamit ang frequency, mean at t-test.

## 4. Natuklasan

Inilahad sa kabanatang ito ang interpretasyon sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga kalahok ng pag-aaral na ito. Iprenesinta nang sunod-sunod ang mga datos upang sagutin ang mga tanong sa pag-aaral na ito.

***Nabuong interbensyong kagamitan sa kasanayan sa pagbasa batay sa deficit, coping, emerging, at establishing***

Ang nabuong kagamitang interbEnsyong Basa-Hasa: Kompilasyon ng mga Babasahin sa Paghasa ng Antas ng Kasanayan sa Pagbasa. Ito ay hinati sa apat ayon sa deficit, copig, emerging at establising na babasahin na nakabatay sa kategorya ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga ito ay maitaguyod at maabot ang layunin makatulong sa pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa.




*Larawan blg. 1.* QR Code

Ang apat na kagamitan na Basa-Hasa ay mayroong QR Code upang sa anumang oras at lugar ay maaaring magamit o balikan ng mag-aaral para sa pag-aaral. Ito ay isang paraan upang gawing mas mabilis at mas magaan ang proseso ng pagsasanay sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang nakahandang QR code na dapat iscan ng mga mag-aaral para makita ang na kopya ng Basa-Hasa ay isang paraan upang tulungan silang magamit sa kanilang pagsasanay o pagbasa ng mga basahin kahit saan at anong oras. Ito ay magbibigay ng kakayahang basahin nang hindi na kailangang dalhin ang pisikal na aklat. Kung sakaling wala silang kopya ng aklat, maaari silang mag-scan sa kapwa mag-aaral.


Ibig sabihin lamang nito ang mga mag-aaral ay maaaring magbasa o mag-aral anumang oras o kahit saan na maaaring magkaroon sila ng sarili nilang pamamaraan ng pag-aaral nang maging matagumpay. Isa sa mga mahahalagang hakbang na dapat gawin upang matiyak ang kalidad at pinakamainam na karanasan sa pag-aaral sa mga mag-aaral ay upang isaalang-alang ang kanilang iba't ibang mga istilo at kagustuhan sa pag-aaral. Ang istilo ng pagkatuto ay tumutukoy sa kung paano natututo ang mga mag-aaral at iproseso ang impormasyon sa kanilang sariling mga paraan (Magulod Jr, 2019).

Ang kagamitang interbinsyon sa kategoryang **Deficit** ay may iba't ibang nilalaman**.** Ang mga ito ay pabalat, qr code, at aralin.




*Larawan blg. 2.* Pabalat

**Pabalat:** Ito ay makikitaan ng larawang ng lalaking mag-aaral at isang robot. Ito ang magsisilbing mukha ng nabuong kagamitang interbensyon mayroon itong kulay na rosas o pink upang madaling matukoy na ito ay para sa kategoryang deficit. Ang pagkakaroon ng isang maganda at kawili-wiling pabalat ay may malaking tulong upang maengganyo ang mga mag-aaral na basahin at gamitin ang aklat.




*Larawan Blg. 3.* Talaan ng Aralin – Deficit

**Talaan ng Aralin:** Sa bahaging ito ay naglalaman ng mga aralin na matatagpuan sa laman ng nabuong interbensyong kagamitan. Ito ay mga araling makakatulong upang hasain ang kasanayan.




*Larawan blg. 4.* Aralin – Deficit

**Aralin:** Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga babasahing ponema upang matututuhan ng mga mag-aaral. Sa bawat aralin ay naglalaman ito Malaki at maliit na titik. Ito rin ay may mga salitang may kaugnayan sa

tinatalakay na ponema. Ang mga bahaging ito ng kategoryang deficit ay makakatulong upang mahasa at magkaroon ng positibong pagbabago sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa kategoryang deficit. Ang kagamitang interbinsyon sa kategoryang **Coping** ay may iba't ibang nilalaman**.** Ang mga ito ay pabalat at aralin.




*Larawan Blg. 5.* Pabalat – Coping

**Pabalat:** Ang emerging na kagamitang interbensyon ay mayroong kulay asul na siyang magsisilbing kulay nito upang madaling matukoy ang kagamitan. Ito ay mayroong ilustrasyon na na mag-aaral at robot na unti-unting makikitaan ng pagbabago ng kasanayan sa pagbasa.




*Larawan blg. 6.* Aralin – Coping

**Aralin:** Sa kategoryang emerging ang aralin ay binubuo ng mga salitang payak na mmadaling basahin ng mga mag-aaral. Ito rin ay may mga babasahin sa pagbasa na may talata na may pag-unawa, ibig sabihin ito ay naglalaman ng maikling talata na may kasamang mga katanungan. Habang ang kagamitang interbinsyon sa kategoryang **Emerging** ay may iba't ibang nilalaman**.** Ang mga ito ay pabalat at aralin.




*Larawan blg. 7.* Pabalat – Emerging

**Pabalat:** Ito ay mayroong kulay berde. Ang kulay berde ay palatandaan na ang kagamitang interbensyong

nabuo ay para sa kategoryang emerging.





*Larawan blg. 8.* Aralin – Emerging

**Aralin:** Ang mga aralin sa emerging ay naglalaman ng mga talata o kuwentong may katamtaman haba. Ito ay may mga nakalakip na mga katanungan upang sukatin ang kasanayan sa pag-unawa ng ma mag-aaral. Sa kategoryang **established** ang kagamitang interbensyon ay mayroong pabalat at mga aralin. Ito ay inangkop sa lebel ng kategorya at sa lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.




*Larawan blg. 9.* Pabalat – Established

**Pabalat:** Ang kagamitan ay kulay dilaw upang matukoy na ito ay kategoryang established. Ang ilustrasyon sa pabalat na ito ay makakita nasa antas ng kahusayan sa pagbasa.




*Larawang blg. 10.* Aralin – Established

**Aralin:** Ang babasahin sa bahaging ito ay mahaba at ang antas ng mgasalita ay nasa mataas na anyo. Ito rin ay naglalaman ng mga katanungan higit sa lima. Ang apat na kategorya ay may mga pabalat na siyang may iba't

ibang kulay. Ang mga kulay na ito ay ginamit upang matukoy ang pagkakaiba ng bawat kagamitan. Ang pabalat ay nakakatulong upang maging kawili-wili ang kagamitan. Ang mga babasahin sa bawat kagamitang interbensyong nabuo ay nagpapakita ng kasanayan na dapat malinang sa bawat kategorya. Ito rin ay makikitaan ng lebel ng kasanayan sa pagbasa.

Banggit ni Masuhara (2006) ang pangunahing paraan sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa dapat bigyang-pansin ng mga gumagawa ng kagamitang pampagtuturo. Ito ay kinabibilangan ng pag-unawa sa pagbasa, pagpapalawak ng bokabularyo, pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa, at paggamit ng mga estratehiya na nakabatay sa karanasan ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito nina Pett at Wilson (1996) ang mga tagagawa ng mga materyal sa pagtuturo ay dapat gamitin ang kulay nang maingat sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa mga pisikal at sikolohikal na epekto ng kulay at ang epekto ng kulay sa pag-aaral.

Ang sikolohiya ng dilaw na kulay ay nakapagpapatakbo ng kaliwang bahagi o analitikal na utak, kung kaya't ito ay nagpapalakas sa ating kalinawan, pag-alala, at pagpokus. Ito rin ay nagbibigay inspirasyon at nagtataguyod ng mas malaking kasiglahan sa buhay. Sa pagtatapos, ang dilaw ay may kakayahang magtulong sa komunikasyon at pagpapahayag ng mga bagong ideya. Ang asul naman ay may nakapapayapang epekto sa ating isipan, nagbibigay sa atin ng pakiramdam ng kaligtasan at kapayapaan. Bukod dito, nagbibigay ito ng inspirasyon sa katapatan, karunungan, at debosyon sa mga konteksto ng relihiyon o espirituwalidad. Sa kabilang banda, ang berde ay nagbibigay-buhay sa isip, katawan, at kaluluwa ng tao, na nagpapahiwatig ng pag-aalaga at nagbibigay inspirasyon sa pag-aalaga sa iba. Ito rin ay isang kulay na nagpapalakas sa ating kakayahang maunawaan at makaramdam ng emosyon. Hinggil naman sa rosas, ito ay kulay na walang galit o aggressiveness, kaya't nagpapanatag ito ng ating emosyon at nag-udyok sa mga pakiramdam ng init at kahinhinan. Ito ay malapit din sa konsepto ng pakikipagdamayan at pagmamalasakit (Fiverr, 2022).

Batay kay Gudinavičius at Šuminas (2018), ang maayos na disenyo ng pabalat ng isang aklat o babasahin ay nagiging sanhi ng pagkakaroon ng interes mula sa mga mambabasa. Samakatuwid, ito ay may mahalagang bahagi bilang isang paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga mambabasa. Dagdag pa ni Branch at Kopcha (2014), ang pagbuo ng kagamitan ay naglalarawan ng isang disenyo ng pagtuturo bilang isang koleksyon ng mga salita, larawan, at mga diagram na naglalayong ipaalam sa iba ang iyong mga layunin para sa iyong mga mag-aaral. Sa halip na tukuyin ang mga layunin ng guro, ang disenyo ng pagtuturo ay nakatuon sa mga kasanayan, kaalaman, at mga saloobin na nais ipasa ng guro sa mga mag-aaral. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng malinaw at maigsing paglalarawan ng kung ano ang dapat makamit ng mga mag-aaral matapos ang pagtuturo. Ang paglalarawang ito ay dapat na isagawa bago simulan ang anumang gawain sa pagpapaunlad.

Bukod dito, tinututulan ni Hopkins (2016) na ang layunin ng pagpaplano ng pagtuturo ay hindi lamang tumutulong sa mga mag-aaral na makamit ang ninanais na kaalaman sa kurikulum, dapat din itong tumulong sa kanila na maging matatag na mga mag-aaral. Kaya't kapag ang mga mag-aaral ay hindi nauunawaan ang ilang aralin tungkol sa materyal ng pang-aralin, dapat tulungan sila ng guro sa pamamagitan ng epektibong pamamaraan ng pagtuturo upang mawala ang kanilang pagkalito. Dapat na ang mga layunin at disenyo ng pagtuturo ay angkop at may kauugnayan, habang ang mga module ng pag-aaral ay dapat ding magkaroon ng kanilang pangunahing mga layunin na makatutulong nang malaki sa pag-aaral ng mga mag-aaraL

***Kabalido ang pagtanggap ng nabuong interbensyong kagamitan sa kasanayan sa pagbasa ng mga eksperto.***

Ang nabuong interbensyong kagamitan sa kasanayan sa pagbasa ay ipinabalido sa mga eksperto ng mananaliksik sa pamamagitan nito ang nabuong kagamitan ay sumailalim sa ebalwasyon. Ang mga eksperto ay may kakayahan at kaalaman sa paglikha at pagsusuri ng karagdagang materyal. Ito ay sinuri ayon sa nilalaman, pormat, peresentasyon at organisasyon, at kawastuhan at kasalukuyang Impormasyon. Ito ay tinukoy ayon sa kabuoang mean at kabuoang puntos mula sa resulta ng ebalwsyon ng mga ekspertong guro.

***Kabalido ng pagtanggap batay sa Nilalaman***

Ipinapakita sa Talahanayan ang kabalido ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong interbensyong batay sa nilalaman. Ang nabuong interbensyon para sa deficit ay maykabuuoang puntos na 27.20 ibig sabihin ito uy pumasa sa kategorya ng nilalaman. Ang karterya na ang kagamitan ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng mataas na kakayahang pampagkatuto tulad ng kritikal na pag-iisip, pagiging malikhain, at paglutas ng mga suliranin ay mayroong mean na 3.60 habang ang sapat na babala / pag-iingat na tala ay ibinibigay sa mga paksa at mga aktibidad kung saan may pag-aalala sa kaligtasan at kalusugan mayroong 3.60. Ito pa rin ay may deskripsyong lubos na katanggap-tanggap. Ang mga sumusunod na karterya ay nakakuha ng mean na 4.00 na may deskripsyon na lubos na katanggap-tanggap, Ang nilalaman ay angkop sa antas ng pag-unlad ng mag-aaral, Ang kagamitan ay nagagamit upang maisakatuparan ang mga tiyak na layunin ng mga aralin, Ang kagamitan ay walang diskriminasyon sa anumang relihiyon, kasarian o paniniwala, Ang kagamitan ay nakapagpapaunlad ng mga pagpapahalaga tulad ng (Pakilagyan ng (/) ang kahon na kumakatawan sa iyong tugon, at Ang kagamitan ay mayroong kakayahang makapukaw ng interes ng mga inaasahang gagamit.

**Talahanayan 1.a**

*Kabalido ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong interbensyong kagamitan sa kasanayan sa pagbasa batay sa nilalaman*

| I. Nilalaman | Lebel ng Pagtanggap | | | | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | CO | EM | DE | ES | |
| 1.Ang nilalaman ay angkop sa antas ng pag-unlad ng mag-aaral. | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 2.Ang kagamitan ay nagagamit upang maisakatuparan ang mga tiyak na layunin ng mga aralin. | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 3.Ang kagamitan ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng mataas na kakayahang pampagkatuto tulad ng kritikal na pag-iisip, pagiging malikhain, at paglutas ng mga suliranin. | 3.60 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 4.Ang kagamitan ay walang diskriminasyon sa anumang relihiyon, kasarian o paniniwala. | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 5.Ang kagamitan ay nakapagpapaunlad ng mga pagpapahalaga tulad ng (Pakilagyan ng (/) ang kahon na kumakatawan sa iyong tugon.) | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 6.Ang kagamitan ay mayroong kakayahang makapukaw ng interes ng mga inaasahang gagamit. | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 3.80 | LK |
| 7.Sapat na babala / pag-iingat na tala ay ibinibigay sa mga paksa at mga aktibidad kung saan may pag-aalala sa kaligtasan at kalusugan. | 3.60 | 3.60 | 3.80 | 3.80 | LK |
| KABUOAN | 27.20 | 27.00 | 27.80 | 27.60 | PUMASA |

*Legend: CO: Coping, EM: Emerging, DE: Deficit, ES: Established
*Batayan: 3.51 – 4.00 Lubos na Katanggap-tanggap (LK)
2.51 – 3.50 Katanggap-tanggap (K)
1.51 – 2.50 Bahagyang Katanggap-tanggap (BK)
1.00 – 1.50 Hindi Katanggap-tanggap (HK)

*Tandaan: Ang binuong kagamitang ay dapat magkaroon ng hindi bababa sa 21 puntos at hindi tataas sa 28 puntos upang pumasa sa kalidad ng nilalaman.*

Habang ang nabuong kagamitang interbensyon sa pagbasa sa kategoryang coping ay may kabuoang 27.00. Ito ay nangangahulugan na ang interbensyon ay nakapasa mula sa ebalwasyon ng mga eksperto. Ngunit sa bahaging sapat na babala / pag-iingat na tala ay ibinibigay sa mga paksa at mga aktibidad kung saan may pag-aalala sa kaligtasan at kalusugan ay nakakuha ng 3.40 ito lamang ang hindi nagkamit ng 4.00 na mean pero ito pa rin ay lubos na katanggap-tanggap. Ang kagamitan sa emerging ay mayroong kabuoang puntos na 27.80 na mayroon deskripsyon na lubos na katanggap-tanggap habang ang sa established ay mayroong 27.60 na may deskripsyon din na lubos na katanggap-tanggap. Sa bahaging sapat na babala / pag-iingat na tala ay ibinibigay sa mga paksa at mga aktibidad kung saan may pag-aalala sa kaligtasan at kalusugan ay magkaparehong nakakuha ng 3.80 na may deskripsyon na lubos na katanggap-tanggap.

Ang mga nabuong interbensyong kagamitan sa deficit, coping, emerging, at established ay parehong hindi mataas ang nakuha sa kategoryang sapat na babala / pag-iingat na tala ay ibinibigay sa mga paksa at mga aktibidad

kung saan may pag-aalala sa kaligtasan at kalusugan. Ibig sabihin na kulang ang mga impormasyon na nagpapakita o mga babasahing tumatalakay sa kaligtasan at kalusugan. Ito ay nangangahulugang ang mga ekspertong nagsuri ng kagamitang interbisyon ay binibigyan pansin ang kahalagahan ng mga kagamitang pampagtuturo hindi lamang sa pagpapamalas ng kaalaman at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, kundi pati na rin sa pagtitiyak na ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman sa mahahalagang impormasyon sa kaligtasan at kalusugan. Nais nilang tiyakin na ang mga materyal ay nagbibigay prayoridad sa mga konsepto na nagpapalakas ng pagprotekta sa sarili at pagpapalaganap ng kamalayan tungkol sa impormasyon.

Ayon sa UNICEF (2020), ang pagpapailalim ng mga patakaran ng pag-iingat sa mga aralin ay naglalagay ng di-sinasadyang pakiramdam ng paghahanda sa mga mag-aaral, na nakakatulong sa kanilang kaligtasan at pagkaligtas. Dagdag pa, binibigyang-diin ng World Health Organization (WHO) na ang pag-iingat ay pangunahing bahagi ng seguridad sa kalusugan ng publiko at lalo pang kailangan sa panahon ng kawalan ng katiyakan, na lalong lumalala. Ang prinsipyong ito ng pag-iingat kapag kasama sa mga aralin ay tutulong sa pagtuturo sa mga mag-aaral, kahit sa mga hirap abutin, upang makatulong sa pagsisikap para sa mas malusog at ligtas na mundo.

***Kabalido ng pagtanggap batay sa Pormat***

Sa bahaging ito sinusuri ang titik, ilustrasyon, disenyo at layout, papel at binding, at laki at bigat ng kagamitan. Ito ay may malaking tulong sa ikakaunlad ng kawilihan ng mga mag-aaral upang makuwa ang intensyon ng mga ito sa paggamit ng nabuong interbensyong kagamitan. Makikita sa talahananay 1.b ang kabalido ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong interbensyong kagamitan sa kasanayang pagbasa batay sa pormat. Ang apat na interbensyon kagamitan ay nakakuha ng 69.80,70.60, 70.60, at 70.20 ito ay mayroong deskripsyon na pumasa. Upang makapasa ang kagamitan ay dapat makakuha ng 54 na puntos na hindi tataas sa 72 na puntos upang pumasa sa kalidad ng pormat. Ang kagamitan interbensyong sa coping, emerging, deficit, at established sa bahaging titik ay lahat nakakuha ng mga puntos na lubos na katanggap-tanggap batay sa puntos na 4.00. Ngunit may isang karterya ang nakakuha ng 3.80 na puntos ito ay ang font ay madaling basahin ngunit ito pa rin ay lubos na katanggap-tanggap. Ibig sabihin ang nabuong interbensyon ay kailangang ayusin ang laki ng mga titik. Ito ay makakatulong upang madaling makita at mabasa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 1.b**

*Kabalido ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong interbensyong kagamitan sa kasanayang pagbasa batay sa pormat*

| II. Pormat | Lebel ng Pagtanggap | | | | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | CO | EM | DE | ES | |
| 1. Titik | | | | | |
| 1.1 Ang laki ng mga titik ay angkop sa mambabasa | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 1.2 Ang puwang sa pagitan ng mga titik at mga salita ay angkop para sa pagbabasa. | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 1.3 Ang font ay madaling basahin | 3.80 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 1.4 Maayos ang kalidad ng pagkaimprenta (paghahanay, mga titik, at iba pa.) | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 2. Ilustrasyon | | | | | |
| 2.1 Payak at madaling makita ang mga guhit at larawan | 4.00 | 3.80 | 3.80 | 4.00 | LK |
| 2.2 Ang mga ilustrasyon ay nakadaragdag ng paliwanag sa teksto | 3.60 | 3.80 | 3.80 | 3.80 | LK |
| 2.3 Angkop ang mga pahayag para sa bawat ilustrasyon (kung kinakailangan) | 3.60 | 3.80 | 3.80 | 3.80 | LK |
| 2.4 Angkop ang kombisyon ng mga kulay na ginamit sa mga ilustrasyon | 3.80 | 4.00 | 4.00 | 3.80 | LK |
| 2.5 Kanais-nais at malikhain ang pagkagamit ng mga ilustrasyon | 3.80 | 4.00 | 4.00 | 3.80 | LK |
| 2.6 Nauugnay sa kultura | 3.80 | 3.80 | 3.80 | 4.00 | LK |
| 3. Disenyo at Layout | | | | | |
| 3.1 Kaakit-akit at kaaya-aya tingnan | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 3.2 Payak (hindi nakagagambala sa atensyon ng mababasa) | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 3.80 | LK |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 3.3 Sapat ang ilustrasyong kaugnay ng teksto | 3.60 | 4.00 | 4.00 | 3.80 | LK |
| 3.4 Magkatugma ang mga pinagsamang element tulad ng ilustrasyon at teksto. | 3.80 | 3.80 | 3.80 | 3.80 | LK |
| 4. Papel at Binding | | | | | |
| 4.1 Ang kalidad ng papel na ginamit ay nakaaambag sa madaling pagbabasa | 4.00 | 3.80 | 3.80 | 3.80 | LK |
| 4.2 Matibay ang pakaka-bind ng kagamitan | 4.00 | 3.80 | 3.80 | 3.80 | LK |
| 5. Laki at Bigat ng Kagamitan | | | | | LK |
| 5.1 Madaling gamitin | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| 5.2 Bahagyang magaan | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | LK |
| KABUOAN | 69.80 | 70.60 | 70.60 | 70.20 | PUMASA |

*Legend: CO: Coping, EM: Emerging, DE: Deficit, ES: Established
*Batayan: 3.51 – 4.00 Lubos na Katanggap-tanggap (LK)
2.51 – 3.50 Katanggap-tanggap (K)
1.51 – 2.50 Bahagyang Katanggap-tanggap (BK)
1.00 – 1.50 Hindi Katanggap-tanggap (HK)
*Tandaan: Ang binuong kagamitang ay dapat makakuha ng 54 na puntos na hindi tataas sa 72 na puntos upang pumasa sa kalidad ng pormat.*

Batay sa pagsusuri ni Halamish, Nachman, at Katzir (2018), ang mga bata ay gumagamit ng laki ng font bilang gabay sa kanilang sariling pag-aaral, kung saan mas mabuti nilang natatandaan ang mga salitang may mas malaking font. Ito ay nagpapahiwatig na mas mahusay ang kanilang memorya para sa mga salitang ito. Bukod dito, ayon kina Nafiseh at Balakrishnan (2014), ang mga titik ay pangunahing bahagi sa paghahatid ng mensahe, at ito rin ay isang mahalagang aspeto sa proseso ng pag-aaral. Ang nabuong interbensyong kagamitan ayon sa ilustrasyon ang coping ay nakakuha ng 4.00, 3.80, 3.80, at 3,80. Ito ay batay sa Payak at madaling makita ang mga guhit at larawan, Angkop ang kombisyon ng mga kulay na ginamit sa mga ilustrasyon, Kanais-nais at malikhain ang pagkagamit ng mga ilustrasyon, at kauugnay sa kultura. Ang mga ito ay mayroong deskripsyon na lubos na katanggap-tanggap. Sa karteryang aAng mga ilustrasyon ay nakadaragdag ng paliwanag sa teksto at angkop ang mga pahayag para sa bawat ilustrasyon (kung kinakailangan) ay mayoong puntos na 3.60 at 3.60. ang mga ito ay mayroong deskripsyon na lubos na katanggap-tanggap.

Ang interbensyong kagamitan sa emerging ay nakakuha ng 3.80, 3.80, 3.80, 4.00, 4.00, 3.80 na may deskripsyon na lubos na katanggap-tanggap. Ito ay batay sa Payak at madaling makita ang mga guhit at larawan, Ang mga ilustrasyon ay nakadaragdag ng paliwanag sa teksto, Angkop ang mga pahayag para sa bawat ilustrasyon (kung kinakailangan), Angkop ang kombisyon ng mga kulay na ginamit sa mga ilustrasyon, Kanais-nais at malikhain ang pagkagamit ng mga ilustrasyon, at kauugnay sa kultura. Ang mga ito ay mayroong deskripsyon na lubos na katanggap-tanggap. Ang interbensyong kagamitan para sa deficit ay mayroong puntos sa bawat karterya na 3.80, 3.80, 3.80, 4.00, 4.00, at 3.80. Habang sa established ay 4.00, 3,80, 3.80, 3.80, 3.80, at 4.00. Ito ay batay sa Payak at madaling makita ang mga guhit at larawan, Ang mga ilustrasyon ay nakadaragdag ng paliwanag sa teksto, Angkop ang mga pahayag para sa bawat ilustrasyon (kung kinakailangan), Angkop ang kombisyon ng mga kulay na ginamit sa mga ilustrasyon, Kanais-nais at malikhain ang pagkagamit ng mga ilustrasyon, at kauugnay sa kultura. Ang mga ito ay mayroong deskripsyon na lubos na katanggap-tanggap.

Ang mga larawan sa apat na interbensyong kagamitan ay simpleng at madaling maunawaan. Ang mga ito ay nagbibigay ng karagdagang paliwanag o paglilinaw sa mga teksto o konsepto. Ang mga pahayag o kapsiyon na kasama sa mga larawan ay nagbibigay ng tamang impormasyon o kahulugan sa mga ito. Ang mga kulay na ginamit sa mga larawan ay nagpapakita ng kaayusan at kaangkopan sa nilalaman. Ang mga larawan sa interbensyong kagamitan ay maganda, kaaya-aya, at nagpapakita ng pagiging malikhain. Ang mga ito ay may kinalaman sa kultura ng mga mag-aaral o paksa ng interbensyon. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga larawan sa interbensyong kagamitan sa kasanayan sa pagbasa ay naglalaman ng mga larawang nagpapadali sa pag-unawa at naglalahad ng mga ideya nang malinaw. Ang mga ito ay nakakatulong upang magpalawak at magpaliwanag sa mga konsepto na nilalaman ng kagamitan. Ang tamang pagkakahanay ng kulay ay nagpapahayag ng tamang damdamin at kahulugan. Kasabay nito, mayroon itong mga larawan na nakaaakit ng pansin na nagpapalawak sa karanasan ng mga mag-aaral at nagpapahayag ng kahalagahan ng mga konsepto. Kabilang dito ang mga larawang may kaugnayan sa kultura ng mga mag-aaral upang mapalawak ang kanilang kaalaman at pag-unawa.

Sa bahaging disenyo at layout ang apat na nabuong interbisyong kagamitan sa kasanayan sa pagbasa ay mayroong lubos na katanggpa-tanggap. Ito ay batay sa interbensyong para sa coping na mayroong 4.00, 4.00, 3.60, at 3.80. Sa emerging at deficit ay may magkatulad na puntos na 4.00, 4.00, 4.00, 3.80. Habang sa established ay mayroong 4.00, 3.80, 3.80, at 3.80. Ito ay batay sa kaaakit-akit at kaaya-aaya tingnan, payak, sapat ang ilustrasyon kaugnay ng teksto, at magkatugma ang mga inagsamang element tulad ng ilustrasyon at teksto. Ito ay batay sa pagkasunod-sunod. Ang apat na kagamitag interbensyon ay lahat lubos na katanggap-tanggap ayon sa mga nagsuring mga guro. Ang pagkakaroon ng pagkakatugma ng mga disenyo tulad ng ilustrasyon at teksto ay nagreresulta sa mataas na marka. Ito ay nangangahulugang ang lumalabas na materyal ay nagtatampok ng mga larawan at teksto na nagpapahayag ng parehong ideya at impormasyon. Ito ay nagpapahiwatig na nagkakatugma at hindi nagkakasalungatan ang mga ito sa pagbibigay ng kaalaman sa mga mag-aaral. Nakakatulong upang magbigay ng impormasyon patungkol sa binabasa at hindi nagiging dahilan upang magkaroon ng kalituhan sa mga mag-aaral.

Ito ay nangangahulugan na makakatulong ang mga disenyo at layout upang makuha ang intensyon ng mga mag-aaral na magbasa. Ito rin ay hindi makakagulo sa atensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang papel at binding ayon sa coping ay mayroong 4.00 at 4.00 na puntos habang ang emerging, deficit, at established ay mayroong pagkakatulad na puntos na 3.80. Ito ay may deskripsyong lubos na katanggap-tanggap. Ito ay batay sa kalidad ng papel an ginamit ay nakaambag sa madaling pagbabasa at matibay ang pakaka-bind ng kagamitan. Ang pagkakaroon ng mataas na kalidad ng kagamitan ay nagdudulot ng magandang karanasan sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng matibay na kagamitan, ang paghihiwalay-hiwalay ng mga pahina ay maiiwasan at mapanatili ang kabuuang kahusayan nito.

Ang laki at bigat ng kagamitan ng apat na interbensyong sa kasanayan sa pagbasa ay mayroong 4.00 na puntos mula sa coping, emerging, deficit, at established. Ito ay may deskripsyong lubos na katanggap-tanggap. Ang sukat at bigat ng mga kagamitan ay angkop at maginhawa para sa mga mag-aaral. Ang mga ito ay may tamang timbang na hindi nagdudulot ng pagod sa mga mag-aaral sa pagdadala. Ito ay nakatutulong maging kumportable ang kanilang paggamit. Ayon pag-aaral ni Hayati et al (2015), ang magandang pormat at estilo ay nakatutulong sa mas malalim na pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon naman kay Badayos (2012), ang kakayahan sa pagpapahayag ng orihinalidad ay mahalaga sa paglikha ng mga kagamitang. Kaya't mahalaga para sa mga guro na maging malikhain upang bigyan ng bagong anyo at pagtingin sa kanilang mga kagamitan.

***Kabalido ng pagtanggap batay sa Presentasyon at Kaayusan***

Makikita sa talahanayan ang kabalido ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong interbensyong kagamitan sa kasanayang pagbasa batay sa presentasyon at kaayusan ay may kabuoang puntos ang apat na kagamitan na 20.00, 19.60, 19. 60, at 19.20. Ang mga ito ay may deskripsyon na lubos na katanggap-tanggap.

**Talahanayan 1.c**

*Kabalido ng pagtanggap sa nabuong interbensyong kagamitan sa kasanayang pagbasa batay sa presentasyon at kaayusan*

| III. Presentasyon at Kaayusan | Lebel ng Pagtanggap | | | | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | CO | EM | DE | ES | |
| 1.Ang paglalahad ng mga konsepto ay nakakahikayat ng aktibong pakikilahok, kapana-panabk at madaling maunawaan. | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | VS |
| 2.Kakikitaan ng lohikal at maayos na daloy ng mga kaisipan. | 4.00 | 3.80 | 3.80 | 3.80 | VS |
| 3.Ang antas ng bokabularyo ay angkop sa karanasan at antas ng pag-unawa ng mambabasa. | 4.00 | 3.80 | 3.80 | 3.80 | VS |
| 4.Ang haba ng mga pangungusap ay angkop sa antas ng pag-unawa ng mga mambabasa. | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 3.80 | VS |
| 5.Ang ayos ng mga pangungusap at talata ay nakapupukaw sa interes ng mga mambabasa. | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 3.80 | VS |
| KABUOAN | 20.00 | 19.60 | 19.60 | 19.20 | Passed |

*Legend: CO: Coping, EM: Emerging, DE: Deficit, ES: Established
*Batayan: 3.51 – 4.00 Lubos na Katanggap-tanggap (LK)

2.51 – 3.50 Katanggap-tanggap (K)
1.51 – 2.50 Bahagyang Katanggap-tanggap (BK)
1.00 – 1.50 Hindi Katanggap-tanggap (HK)
*Tandaan: Ang binuong kagamitang ay dapat* makakuha ng hindi bababa sa 15 puntos at hindi tataas sa 20 puntos upang pumasa sa kriteriyong ito.

Ang kagamitang interbensyon para sa coping ay nakakaha nag 4.00n ang lahat ng karterya. Ang kagamitang interbensyong para sa emerging at deficit ayon sa 4.00, 3.80, 3.80, 4.00, at 4.00. Habang sa established ay mayroong 4.00, 3.80, 3.80, 3.80, at 3.80. Ito ay batay sa paglalahad ng mga konsepto ay nakakahikayat ng aktibong pakikilahok, kapana-panabk at madaling maunawaan, Kakikitaan ng lohikal at maayos na daloy ng mga kaisipan, antas ng bokabularyo ay angkop sa karanasan at antas ng pag-unawa ng mambabasa, haba ng mga pangungusap ay angkop sa antas ng pag-unawa ng mga mambabasa, at haba ng mga pangungusap ay angkop sa antas ng pag-unawa ng mga mambabasa. Ito ay batay sa pagkasunod-sunod na may deskrisyong lubos na katanggap-tanggap.

Ito ay nangangahulugang pinahahalagahan ng mga eksperto ang praktikal na aplikasyon ng materyal, na nangangailangan ng tuwiran at madaling pag-unawa sa daloy ng mga ideya at kakayahang kunin ang makabuluhang mga pananaw. Ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig din na lohikal at maayos na pagkakalagay ng mga datos, na iniisip ang kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ito. Ayon kay Yongco at Del Valle (2022), mahalaga ang pagpapakita at pag-organisa ng datos. Ang mabuting mga paraan ng pag-organisa ng datos ay mahalaga sapagkat ang presentasyon ay naglalaman ng susi sa pagtugon sa iba't ibang mga mambabasa.

***Kabalido ng Pagtanggap batay sa kawastuhan at Napapananhon ng Impormasyon***

Ang panghuli at mahalagang bahagi ng mga pamantayang pang-ebaluwasyon ay ang kawastuhan at napapanahon ng impormsyon. Ito ay nagbibigay ng mahalagang kontribusyon sa pagpapabuti ng mga materyales sa pag-aaral sa aspektong ito. Ang layunin nito ay ituwid ang anumang pagkakamali sa pagkakalathala at mga konsepto at impormasyon sapagkat ang mga materyal ay nagiging gabay sa mga mag-aaral upang matuto.

**Talahanayan 3.d**

*Kabalido sa nabuong interbensyong kagamitan sa kasanayang pagbasa batay sa kawastuhan at napapanahon ng impormasyon*

| IV. Kawastuhan at Napapanahon ng Impormasyon | Lebel ng Pagtanggap | | | | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | CO | EM | DE | ES | |
| 1.Kamalian sa mga konsepto | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | VS |
| 2.Kamalian sa mga impormasyon | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | VS |
| 3.Kamaliang panggramatika | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | VS |
| 4.Pagkakamali sa pagkalkula | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | VS |
| 5.Mga kaisipan o konseptong hindi na ginagamit | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | VS |
| 6.Kaunting pagkakamali at taypograpikal na kamalian (hindi angkop o malinaw na ilustrasyon, nawawalang leybel, maling caption, at iba pa.) | 4.00 | 4.00 | 4.00 | 4.00 | VS |
| KABUOAN | 24.00 | 24.00 | 24.00 | 24.00 | Passed |

*Legend: CO: Coping, EM: Emerging, DE: Deficit, ES: Established
*Batayan:*3.51 – 4.00 Walang mali (WM)*
*2.51 – 3.50 May mali ngunit kakaunti at kailangang ayusin (MKA)*
*1.51 – 2.50 May mali nangangailangan ng malaking pagsasa-ayos muli (MMA)*
*1.00 – 1.50 Palitan at ayusin, huwag nang suriin (P)*
*Tandaan:* Ang binuong kagamitang ay dapat makakuha ng 24 puntos mula sa isang pinakamataas na 24 puntos upang pumasa sa kriteryong ito.

Ang kagamitang nabuo ay may kabuuang puntos na 24, na nangangahulugang kailangang makamit nito ang kabuuan ng puntos upang maging angkop na gamitin sa pampublikong paaralan. Ito ay dahil kinakailangan na ang kagamitang ito ay makakuha ng tamang marka upang maging epektibong kagamitan sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ito ay nangangahulugan na sapat ang mga kagamitang pampagtuturo pagdating sa kalinawan ng impormasyon, dahil binibigyang-diin nila ang malakas na ugnayan sa pagitan ng mga pagkakamali sa impormasyon at kakayahan ng pag-iisip ng mga mag-aaral. Binigyang-diin ng mga eksperto na naapektuhan ang kakayahang intelektuwal, lohikal, at sa pagbasa ng mga mag-aaral dahil sa pagkakaroon ng mga pagkakamali sa impormasyon.

Sa pag-aaral ni Fauth et al. (2019) tungkol sa mga pagkakamali at maling pagtutugma sa proseso ng edukasyon ay nagpakita na ang oryentasyon sa pag-aaral pati na rin ang motibasyon ng mga mag-aaral at positibong mga bunga ng pag-aaral ay lubhang naapektuhan ng pagkakamali sa materyal ng pag-aaral. Idinagdag nila na ang mga pagkukulang sa edukasyon na ito ay nagdudulot ng di-pagkakasundo sa kaisipan ng mga mag-aaral na humahantong sa kawalang-sigasig sa pag-iisip na maaring magbunga ng mababang pagganap sa akademiko. Ayon kina Li, Verma, Nakashima, Nagahara, at Kawasaki (2020), ang oras ng pagtama sa mga kamalian sa mga materyales sa pag-aaral ay mahalaga para maging tagumpay o kabiguan ang isang aralin. Ang pagtama sa mga kamalian ay may malaking epekto sa proseso ng pag-aaral ng mga mag-aaral kaya't ang tamang oras ng pagtama pati na rin ang pag-iwas sa mga error ay makakatulong sa mga mag-aaral na maipanatili ang bagong impormasyon nang epektibo.

***Kaepektibo ng Nabuong Interbensyong sa Kasanayan sa Pagbasa***

Makikita sa talahanayan ang pagkakaiba ng performans lebel sa pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral. Ito ay nagpapakita ng pag-unlad kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang nabuong interbensyong kagamitan.

**Talahanayan 2.a**

*Performans Lebel sa Pauna at Panapos na Pagsusulit ng mga Mag-Aaral*

| | Pretest | Posttest |
|---|---|---|
| Mean | 25.48 | 28.63 |
| Standard Deviation | 6.73 | 3.26 |
| Performance Level Description | 85% | 95% |

Sa paunang pagsusulit, ang average puntos ay 25.48, samantalang sa panapos na pagsusulit, ito ay umakyat sa 28.63. Mas mababa ang pagkakaiba ng mga puntos sa panapos kaysa sa paunang pagsusulit. Ang performans lebel ay nagtaas mula sa 85% sa paunang pagsusulit patungo sa 95% sa panapos na pagsusulit. Ito ay nagpapahiwatig na may pag-unlad sa pagganap ng mga mag-aaral mula sa pauna hanggang panapos na pagsusulit. Batay sa datos ay makikitang mayroong pag-unlad sa performans ng mga mag-aaral mula panapos na pagsusulit. Makikita ito sa pagtaas ng kanilang average score mula sa pauna hanggang panapos na pagsusulit, pati na rin sa pagbaba ng pagkakaiba ng mga score sa panapos kumpara sa paunang pagsusulit. Bukod dito, tumaas din ang kanilang performans lebel na nagpapahiwatig ng mas mahusay na pagganap sa huli kumpara sa unang pagsusulit.

Implikasyon nito na mayroong tulong ang nabuong kagamitang interbensyon sa kasanayan sa pagbasa. Ito ay maaaring gamitin upang makatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Batay kay Torrefranca (2017), ang kagamitang pampagtuturo ay maaaring gamitin upang magdagdag ng karagdagang impormasyon at tulong sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral. Isa rin itong paraan upang tulungan ang mga mag-aaral na makahabol sa mga aralin at kasanayang kinakailangan. Dagdag pa ni Estacio (2015), lumabas na mayroong mas magandang performans ang mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang mga likhang kagamitang pangtuturo at kasangkapan sa pagsusuri ng kanilang pagkatuto.

**Talahanayan 2.b**

*Pagkakaiba sa Performans Lebel sa Pauna at Panapos na Pagsusulit ng mga Mag-Aaral*

| Statistical Bases | Statistical Analysis |
|---|---|
| Level of Significance | 0.05 |
| Degrees of Freedom | 165 |
| Critical Value | 1.6541 |
| Computed Value | 9.7348 |
| Decision of $H_0$ | Reject |
| Conclusion | Significant |

Makikita sa talahanayan 2.b ang pagkakaiba sa performans lebel ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagsusulit. Ito ay nagpapakita ng pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang nabuong

kagamitang interbensyon. Ang level of significance ay 0.05. Ang computed value na 9.7348 ay malaki kumpara sa kritikal na halaga na 1.6541, ipinapakita nito ang malaking pagkakaiba. Ang Degrees of Freedom na 165 ay naglalarawan ng dami ng mga independent variable sa isang statistical test. Ito ay nagpapatunay na mayroong totoong epekto o pagkakaiba sa mga variable. Sa kabuuan, ang resulta ay tinatawag na "significant," nagpapahiwatig ng malakas na epekto o pagkakaiba na may kahalagahan sa konteksto ng pagsusuri.

Nangangahulugan na ang datos ay nagpapakita na may pagbabago sa performans ng mga mag-aaral mula sa unang hanggang huling pagsusulit.Malaki ang naging pagbabago sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Implikasyon nito na ang paggamit ng nabuong kagamitang interbensyon ay nakakatulong upang pataasin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Nagkakaroon ng pagbabago sa kategorya ng mga mag-aaral sa pagbasa. Sa pag-aaral ni Dwikoranto et al (2020), natuklasan na epektibo ang paggamit ng modelo ng kagamitang pampagtuturo sa mga aktibidad sa pag-aaral. Ito ay nakapagpapabuti ng abilidad ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga konsepto at mga kasanayan sa pag-aaral.

## 5. Konklusyon at rekomendasyon

May nabuong interbesyong kagamitan sa kasanayan sa pagbasa batay sa Establishing, Emerging, Coping, at Deficit. Ito ay binubuo ng pabalat, qr, at aralin. Ang nabuong kagamitang interbensyon ay lubos na katanggap-tanggap batay sa nilalaman, pormat, peresentasyon at organisasyon, at kawastuhan at kasalukuyang Impormasyon. Epektibo ang nabuong nabuong interbensyong sa kasanayan sa pagbasa sapagkat mataas ang performans lebel ng mga mag-aaral sa pagsusulit

Inirerekomenda na ang nabuong kagamitan interbensyon ay maaaring patuloy gamitin sa pagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Maaaring muling suriin ang mga elemento ng kagamitang interbensyong ito sa pagbasa, kabilang ang pabalat, QR codes, at aralin. Siguruhing ang bawat isa ay may kaugnayan at sumusuporta sa layunin ng interbensyon. Ang nabuong kagamitan interbensyon ay maaaring gamitin ng mga guro bilang interbensyon sa iba't ibang kategorya upang matuto sa pagbasa. Patuloy na ipagamit sa mga mag-aaral ang nabuong kagamitan upang higit pa itong makatulong sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa. Maaaring tanggapin at gamitin ang Basa-Hasa bilang interbensyong kagamitan sa pagbasa. Magsagawa ng iba't ibang pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasanayan pagbasa.

## 6. Talasanggunian


Augusto, W. (2022). Correlation Of Students'level Of Reading Comprehension In Filipino Language And Self-Esteem. *Journal of Education Naresuan University*, *24*(2), 345-359.

Avvisati, F., Echazarra, A., Givord, P., & Schwabe, M. (2019). Programme for International student assessment (PISA). Results from PISA 2018. Directorate for Education and Skills. OECD Vol I-III https://www. oecd. org/pisa/publications/PISA2018_CN_MYS. Pdf

Badayos, Paquito B. (2006). Worktext sa Komposisyon:Paglikha III Quezon City: Vibal Publishing House. Retrieved from: https://www.academia.edu/29019815/Kabanata_1_Ang_Suliranin_at-saligan_nito

Barcia, R. B. (2020, February 21). DepEd Bicol launches 5Bs to
improve reading proficiency. Bicolmail. https://www.bicolmail.net/single-post/2020/02/21/deped-bicol-launches-5bs-to-improve-reading-proficiency

Bender, W. N. (2012). Öğrenme Güçlüğü Olan Bireyler ve Eğitimleri (Çev. Edt: Hakan Sarı). Ankara: Nobel.

Branch, R. M., & Kopcha, T. J. (2014). Instructional design models. *Handbook of research on educational communications and technology*, 77-87.

De Vera, B. O. (2022, April 1). Lockdown's impact: Unicef cites poor reading skills among PH kids. *Philippine Daily Inquirer.* Retrieved from https://newsinfo.inquirer.net/1576573/lockdowns-impact-unicef-citespoor-reading-skills-among-ph-kids

DepEd Memorandum No. 173, 2019. Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs Initiative)

DepEd Oder No. 363, 2023. Guidelines in the administration of the rapid literacy assessment for Grades 4-12

Learners In Region V

Detamble, C. S. (2005). Pinoy ka nga ba: a look into the student's declining proficiency in Filipino. The Catalyst. Quezon City.

Domingo, R. W. (2023, September 22). *PH 'learning poverty' still among region's worst | Inquirer News*. INQUIRER.net. https://newsinfo.inquirer.net/1835164/ph-learning-poverty-still-among-regions-worst

Dwikoranto, Setiani, R., Widuroyekti, B., Tresnaningsih, S., Sambada, D., Setyowati, T., Rohman, A., & Harnoto, B. T. (2020). The Effectiveness of the Student Activity Sheet (SAS) on Teaching-Learning and Creativity (TLC) Model to Increase Creativity Competence. *Studies in Learning and Teaching*, *1*(3), 175-184. https://doi.org/10.46627/silet.v1i3.36

Estacio, R. (2015). Development and validation of a learning assessment tool and instructional material in Physics 1 (Mechanics). *Unpublished Master's Thesis. Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology. Sampaloc, Manila*.

Fauth, B., Decristan, J., Decker, A. T., Büttner, G., Hardy, I., Klieme, E., & Kunter, M. (2019). The effects of teacher competence on student outcomes in elementary science education: The mediating role of teaching quality. Teaching and teacher education, 86, 102882.

Fiverr. (2022, January 11). Explore the meaning of colors and how to use them for your brand. Fiverr.com. https://www.fiverr.com/resources/guides/graphic-design/color-meanings

Gudinavičius, A., & Šuminas, A. (2018). Choosing a book by its cover: analysis of a reader's choice. Journal of Documentation, 74(2), 430-446.

Halamish, V., Nachman, H., & Katzir, T. (2018). The effect of font size on children's memory and metamemory.

Hayati ,R. et.al (2015) Linguistic Competence and Speaking Performance of English Education Study Program Students of Swirijaya University,Core.ac.uk

Hopkins, M. (2016). *The planetary bargain: Corporate social responsibility comes of age*. Springer.

Jaucian, M. B. (2020, February 17). *70,000 Bicol pupils can't read – DepEd | Inquirer News*. INQUIRER.net. https://newsinfo.inquirer.net/1229537/70000-bicol-pupils-cant-read-deped

Li, L., Verma, M., Nakashima, Y., Nagahara, H., & Kawasaki, R. (2020). Iternet: Retinal image segmentation utilizing structural redundancy in vessel networks. In *Proceedings of the IEEE/CVF winter conference on applications of computer vision* (pp. 3656-3665).

Magulod Jr, G. C. (2019). Learning styles, study habits and academic performance of Filipino University students in applied science courses: Implications for instruction. JOTSE: Journal of Technology and Science Education, 9(2), 184-198.

Masuhara, H. (2006). Materials as a teacher development tool. In J. Mukundan (Ed.), Readings on ELT materials II (pp. 34-46). Petaling Jaya: Pearson Malaysia.

Nafiseh, H. & Balakrishnan, M. (2014). The effects of font type and spacing of text foronline readability and performance. Contemporary Educational Technology, 5. doi:10.30935/cedtech/6122.

OECD (Organization for Economic Cooperation and Development) (2008). Teaching, Learning and Assessment for Adults: ImprovingFoundation Skills. Paris: OECD. https://www.oecd.org/education/ceri/teachinglearningandassessmentforadultsimprovingfoundationskills.htm

Pett, D., & Wilson, T. (1996). Color research and its application to the design of instructional materials. Educational Technology Research and Development, 44(3), 19-35.

Torrefranca, E. C. (2017). Development and validation of instructional modules on rational expressions and variations. The Normal Lights, 11(1).

UNICEF. (2020). Technical note on COVID-19 and harmful practices. United Nations Children's Fund, New York. Retrieved from: https://www.unicef.org/media/67506/file/TechnicalNote-COVID-19-and-HarmfulPracticesApril%202020.pdf

Yongco, J., & Del Valle, J. (2022). Development and Evaluation of Instructional Module for Special Program in Journalism. *International Journal of Educational Management and Development Studies*, *3*(4), 97-117.